Republic of the Philippines
**Department of Education**
Cordillera Administrative Region
**SCHOOLS DIVISION OF TABUK CITY**
City Hall Compound, Dagupan, Tabuk City

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
Blng. 146, s. 2019

Para sa: Mga Tagamasid Pandistrito, Punongguro at mga Guro sa Elementarya at Sekondarya sa mga Pampuklikong Paaralan

Mula kay: **BENEDICTA B. GAMATERO**
Tagapamanihala ng mga Paaralan

Paksa: **PANDIBISYONG PALIHAN/SEMINAR-WORKSHOP SA IBA'T IBANG PAGTATANGHAL SA PAMPANITIKANG TEATRO** (Interpretatibong Pagbasa, Madulang Pagkukwento, Sabayang Pagbigkas at Informance)

Petsa: Agosto 8, 2019

---

1. Ang Dibisyon ng Lungsod ng Tabuk ay magdaraos ng Pandibisyong palihan/ Seminar-Workshop sa Pampanitikang Teatro para sa mga guro sa Filipino na gaganapin sa Agosto 16-17, 2019 sa Las Vegas Hotel, Poblacion Weste, Tabuk City.

2. Layunin ng pagsasanay na ito na:
   a. Mabigyan ng malawak na kaalaman at kasanayan ang mga guro tungkol sa pagtuturo ng iba't ibang uri ng pagtatanghal
   b. Matalakay ang mga dulog, pamaraan, teknik sa pagtuturo ng iba't ibang uri ng pagtatanghal.
   c. Makapagpapakitang-turo sa mga guro gamit ang mabisang dulog, pamaraan, at teknik sa pagtuturo at pagtataya ng iba't ibang pagtatanghal
   d. Magkaroon ng sapat na kakayahan na maihanda/masanay nang mabuti ang mga mag-aaral sa iba't ibang panrehiyunal at pambansang paligsahan sa Filipino
3. Ang mga kalahok sa palihang ito ay mga guro sa Filipino sa elementary mula sa sampong (10) distrito ng lungsod ng Tabuk. Limang guro ang kakatawan sa bawat distrito kabilang ang tagapag-ugnay pandistrito ( District Filipino Coordinator) at isang guro mula sa bawat pampuklikong paaralang sekondarya.

4. Ang bawat kalahok ay magbabayad ng minimal na rehistrasyon sa halagang isang daan at limampong piso (150.00) para sa pamasahe, board and Lodging at (token) ng mga tagapagsalita (Resource speakers)

5. Ang mga kalahok sa pagsasanay na ito ay mabibigyan ng isang araw na service credit kapalit ng agosto 17, 2019 (Araw ng Sabado).
6. Hinihiling din na ang bawat kalahok ay kailangang nasa lugar ng pagsasanay sa tamang oras bago ang 8:00 ng umaga hanggang 5:00 ng hapon.

7. Ang bayarin sa rehistrasyon at pamasahe papunta at pabalik sa pinanggalingang distrito ay manggagaling sa pondong lokal, pondo ng paaralan o anumang ibang maaaring pagkukunan ng pondo alinsunod sa mga panuntunan sa pagsusuma at pag-oodit.

8. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap sa memorandum na ito.

CID/mlba